

Pagsusulat: Filipino 12

Buong Pangalan:

Year and Section:

✓ I. MULTIPLE CHOICE (15 items)

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Anong layunin ng bionote?
 - a. Magpahayag ng damdamin
 - b. Ipakilala ang sarili sa propesyonal na paraan
 - c. Magsuri ng akdang pampanitikan
 - d. Mag-ulat ng balita
2. Ang replektibong sanaysay ay tumatalakay sa:
 - a. Personal na repleksyon sa karanasan
 - b. Pagbibigay ng pormal na resume
 - c. Balangkas ng pananaliksik
 - d. Pagtalakay sa isyu ng bayan
3. Alin ang *hindi* bahagi ng bionote?
 - a. Edukasyon
 - b. Personal na opinyon
 - c. Karanasan sa trabaho
 - d. Tagumpay sa akademya
4. Ang tono ng replektibong sanaysay ay karaniwang:
 - a. Impersonal
 - b. Emosyonal at personal
 - c. Teknikal at siyentipiko
 - d. Satirical
5. Pagsulat ng replektibong sanaysay ay nangangailangan ng:
 - a. Pagpuna sa ibang tao

- b. Pagsuri sa sariling karanasan
 - c. Paggamit ng datos
 - d. Panunuligsa sa sistema
6. Alin sa mga sumusunod ang pinakaangkop gamitin sa bionote?
- a. Balbal na wika
 - b. Malikhaing pagsasalaysay
 - c. Pormal at impersonal na wika
 - d. Satirical na tono
7. Anong elemento ang *pinakamahalaga* sa replektibong sanaysay?
- a. Istadistika
 - b. Personal na damdamin at repleksyon
 - c. Impormasyon ng ibang tao
 - d. Talambuhay ng awtor
8. Pangunahing nilalaman ng bionote:
- a. Layunin, karanasan, edukasyon
 - b. Puna sa lipunan
 - c. Paglalathala ng tula
 - d. Liham sa sarili
9. Replektibong sanaysay ay maihahalintulad sa:
- a. Tesis
 - b. Talumpati
 - c. Pagninilay
 - d. Resume
10. Ano ang layunin ng pagsulat ng bionote sa aplikasyon sa trabaho?
- a. Makakuha ng bagong kaibigan
 - b. Ipakita ang talento at kakayahan
 - c. Manira ng ibang aplikante
 - d. Makapaglibang
11. Anong uri ng pananaw ang karaniwang ginagamit sa replektibong sanaysay?

- a. Ikatlong panauhan
 - b. Unang panauhan
 - c. Ikalawang panauhan
 - d. Ikatlo + ikalawa
12. Sa pagsulat ng bionote, mahalaga ang:
- a. Paglalagay ng mga kasinungalingan
 - b. Pagiging tapat sa sarili
 - c. Pagsusulat ng tula
 - d. Pagtatago ng impormasyon
13. Replektibong sanaysay ay bahagi ng:
- a. Pagsusuring pampanitikan
 - b. Malikhaing pagsulat
 - c. Akademikong pagsulat
 - d. Retorikal na diskurso
14. Ang bionote ay maaaring gamitin sa:
- a. Sulat sa pag-ibig
 - b. Paglalathala sa blog
 - c. Paglahok sa seminar
 - d. Lahat ng nabanggit
15. Pagsulat ng replektibong sanaysay ay tumutulong sa:
- a. Pag-aaral ng wika
 - b. Pag-unawa sa sarili
 - c. Pagpapabuti ng spelling
 - d. Paghahanda sa trabaho

 II. TRUE OR FALSE (8 items)

Panuto: Isulat ang "Tama" kung ang pahayag ay wasto, at "Mali" kung hindi.

16. Ang bionote ay isang uri ng replektibong sanaysay.

17. Ginagamit ang replektibong sanaysay upang magbahagi ng sariling damdamin.
 18. Hindi mahalaga ang tono sa replektibong sanaysay.
 19. Ang bionote ay dapat maglaman ng personal na damdamin.
 20. Sa replektibong sanaysay, maaari kang gumamit ng "Ako" bilang panauhan.
 21. Ang bionote ay kadalasang isinulat upang ipakilala ang sarili sa mga propesyonal na konteksto.
 22. Replektibong sanaysay ay pwedeng maging masining at emosyonal.
 23. Laging impersonal ang bionote at hindi maaaring magbanggit ng sariling opinyon.
-

III. ANALOGY (5 items)

Panuto: Punan ang nawawalang bahagi sa lohikal na pagkakatulad.

24. Replektibong Sanaysay : Pagninilay :: Bionote : _____
 25. Bionote : Propesyonal na Pagpapakilala :: Replektibong Sanaysay : _____
 26. Replektibong Sanaysay : Damdamin :: Bionote : _____
 27. Bionote : Talambuhay :: Replektibong Sanaysay : _____
 28. Bionote : Akademikong Pagsulat :: Replektibong Sanaysay : _____
-

IV. ESSAY (2 items)

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod sa isa hanggang dalawang talata.

29. Maglahad ng isang karanasan sa eskuwela na nagturo sa iyo ng mahalagang aral. Ipaliwanag ito sa replektibong paraan.

30. Gumawa ng maikling bionote para sa iyong sarili batay sa akademiko o personal mong layunin.